# HAYAG: SIGN LANGUAGE BILANG KOMUNIKASYON

*by:*
**Eli Rae V. Alipio**
*Teacher I, Pagalanggang National High School*

"Kailangan malaman (ng Deaf Filipinos) 'yung love of their own language" wika ni Jay Lardizabal, DepEd FSL Educator.

Walang nagsisimulang pagsubok ang madali, lahat kailangan ng gabay upang sa susunod na baitang ay makahakbang. Sa pangunguna ni Binibining Cornejo sinimulan ang INSET o In Service Training tungkol sa pangunahing pagkatuto ng Sign Language bilang pakikiisa ng kaguruan ng Paaralang Pagalanggang National High School-Senior High School sa pagpapaigting sa pag-unawa at pag-aaral ng wikang pasenyas nagsagawa ang mga ito ng unang hakbang ng pag-aaral.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Maraming mga Pilipino ang patuloy na nalilito sa paggamit ng senyas ng wika, higit sa lahat ng pagbabago na nagaganap. Maging mapanuri sa mga sektor na nangangailangan ng pang-unawa at malasakit, kabilang dito ang mga Pilipinong nabibilang sa populasyon na walang kakayahang makarinig.

Kamay sa kamay ang paghaplos sa karunungan, malaking bagay ang maitutulong sa bawat mag-aaral na kailangan ng sapat na gabay. Bantog na karunungan sa taong bukas ang palad kanino man, literal, sa palad mo makikita ang kinabukasan.

Ang wika ay daynamiko at habang patuloy itong lumalawak ang pagkakataon na maunawaan ang taong walang pandinig ay tinuturing pa rin na isang mahirap na proseso upang alamin nang karamihan sa atin.

Sirkulasyon ng pagkatuto ang benepisyo ng pag-aaral ng wikang ito. Isa, dalawa, tatlo, apat at lima hanggang sa umabot na sa di mabilang na karunungan, katumbas ng mga maliliit na bilang na ito--ang daloy ng kaalaman sa hinaharap na panahon.

Ang komunikasyong bumabalot sa mga senyas ng kamay ay humahaplos hanggang sa puso ng mga batang makakapanayam. Sa dalawang magkaibang paraan makikita ang lalim ng pagkakaunawaan.

Mula sa unang pagkikita at huling sulyap sa bawat isa, malawak na pagwagayway ng kamay ang natatanaw, senyales na sila'y paparating at lilisan na. Sa titigan malalaman ang tunay na kahulugan ng damdamin ng isang tao, sa pagpatak ng mga luha nadarama ang pighati ng mga puso, sa ngiti ng mga labi nakikita ang saya. Walang salita, walang himig na maririnig ngunit puso'y patuloy na humihiyaw, mga salitang nais ipahayag sa senyas ng kamay inihahayag.

Mahalin ang bagay na ika'y mayroon, palawakin ang kaalamang ika'y salat. Huwag manatili sa kahong iyong ginagalawan, lumabas ka't humayo ipahayag ang senyas ng wika sa bata pa roon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Mendoza, A. (2018, Oct 29) The Sign Language Unique to Deaf Filipinos. https://www.cnnphilippines.com/life/culture/2018/10/29/Filipino-Sign-Language.html#google_vignette

https://www.explained.ph/2021/09/making-actions-speak-louder-than-words.html